MotoLyrics
MotoLyrics.com
Biggest, regularly updated and free lyrics database

# Equilibrio
# "Harinawa"

Visit "Harinawa" on MotoLyrics.com

Ang 'yong kamay nawa ay laging may ginagawa.
Ang tuhod mo nawa ay laging matatag.
Taglay nawa ng puso mo ay awiting masaya
saan mang dako, saan man mapadpad.

Harinawa, harinawa, aah, harinawa.

Nawa'y may kublihan kung hangin ay humahampas.
Nawa'y may silungan pagbuhos ng ulan.
Kung may bagyo sa buhay mo nawa ay may nakalaang
isang payapang payapang kanlungan.

Harinawa, harinawa, aah, harinawa.

Lakas ng loob na baguhin ang mga kaya mong
baguhin,
katiwasayang tanggapin ang di mo mababago,
liwanag upang malaman ang pagkaiba nito -
mapasayo nawa, nawa'y mapasayo.

Nawa ay matupad ang mga pangarap mo.
Nawa ay matanggap ang yong hinihiling.
Pagpalain ka nawa ng Diyos at ang iyong minamahal
sa araw na ito at araw na darating.

Harinawa, harinawa, aah, harinawa.

Harinawa, harinawa, aah, harinawa.

Harinawa pagpalain ka, harinawa pagpalain ka, aah,
harinawa.

Harinawa patnubayan ka, harinawa patnubayan ka,
aah, harinawa.

Visit Equilibrio page on MotoLyrics.com, to get more lyrics and videos.